Ano ang kalagayan ng "working children" sa bansa?



- Batay sa resulta ng Labor Force Survey ng Philippine Statistics Authority, mula 2010-2014, ang kabuuang populasyon ng mga kabataang may edad 5-17 taong gulang ay patuloy na tumataas, mula 28.934 milyon noong 2010 na umabot sa 30.678 milyon sa taong 2013, ngunit ito ay bumaba sa 30.059 milyon nuong 2014. Sa bawat taon, mas mataas ang bilang ng kabataang lalaki kaysa sa kabataang babae. Nuong 2014, mataas ito ng 1.6 porsyento.

- Ang bilang ng mga kabataang may trabaho o "working children" ay pabago-bago. Nuong 2010 ito ay nasa 2.095 milyon, nagkaron ng pagtaas nuong 2011. ngunit nabawasan sa taong 2012 at higit pang bumaba sa sumunod na taon, subalit ito ay muling tumaas nuong 2014 na umabot sa 2.170 milyon.

- Sa kabuuan, ang EAR o ang proporsyon ng "working children" sa populasyon ng mga kabataan na may edad 5-17 taong gulang ay naglalaro sa 6.9% - 8.5% sa loob ng limang taon.

- Ang EAR ng mga kabataang lalaki ay higit na mas mataas kumpara sa kabataang babae. Ang mga kabataang lalaki ay may EAR na mula sa 8.7%-10.6% sa kaparehong panahon o 9-11 lalaking "working children" kada 100 na batang lalaking nagtatrabaho.

- Ang EAR naman ng mga kabataang babae ay mula sa 5.0%-6.4% lamang o 5-6 na kabataang babae kada 100 na batang babae ay naghahanapbuhay.

- Base sa edad, ang EAR ng mga kabataang lalaki na may edad 15-17 taong gulang ay mula sa 26.5% - 29.2 % at sa babae naman ay mula sa 14.0%-16.4%.

- Sa taong 2014, karamihan sa mga "working chidren" ay nasa sektor ng agrikultura at serbisyo. Ang sektor ng agrikultura ay may bilang na 1.252 milyon o 57.7% "working chidren." Nakapaloob dito ang mga industriya ng "agriculture, hunting at forestry;" at "fishing at aquaculture." Samantalang kabilang sa sektor ng serbisyo ang mga industriya ng "wholesale and retail trade" at "other service activities." Ito ay may bilang na 0.554 milyon o 25.5%. Sa sektor ng agrikultura mas nakahihigit ang mga kabataang lalaki (0.937 milyon) samantalang sa sektor ng serbisyo mas marami ang kabataang babae (0.323 milyon).

- Sa kabuuang bilang ng "working children" nuong 2014, mayroong 1.227 milyon o 56.5% ang nag-aaral.

Economic Activity Rate of Children,
Philippines: 2010 - 2014

Economic Activity Rate	2010	2011	2012	2013	2014
Both Sexes	7.2	8.5	7.7	6.9	7.2
5 - 14 Years Old	6.3	8.3	6.6	5.7	6.5
15 - 17 Years Old	20.8	22.9	22.1	20.3	20.8
Male	9.0	10.6	9.6	8.7	9.0
5 - 14 Years Old	7.5	10.0	8.1	7.0	7.7
15 - 17 Years Old	26.6	29.2	28.2	26.5	26.9
Female	5.4	6.4	5.7	5.0	5.4
5 - 14 Years Old	2.6	3.5	2.7	2.4	2.7
15 - 17 Years Old	14.9	16.4	5.9	14.0	14.7

The Easy Stat is a PSA series of "What is...or How-to..." that focuses on basic concepts or measures used in labor and employment statistics. It aims to reach out to ordinary folks and workers by describing these concepts and measures in an illustrative manner and easy-to-understand language or to the extent possible, in Filipino.

For further information, please contact or visit:
Knowledge Management and Coordination Division
PHILIPPINE STATISTICS AUTHORITY
5/F CVEA Bldg., East Avenue, Diliman, Quezon City, PHILIPPINES
Telefax no.: 4626600 loc 834
E-mail: info@psa.gov.ph
Website: http://www.psa.gov.ph/
http://www.labstat.gov.ph

EASY STAT

No. 10 September 2015

AN EASY WAY TO UNDERSTAND STATISTICAL CONCEPTS USED IN LABOR AND EMPLOYMENT

Working Children:



BATA,

ikaw ba ay kabilang sa kanila?

REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
PHILIPPINE STATISTICS AUTHORITY

Background

Ang bata o "child" ay indibidwal na ang edad ay mas mababa sa labingwalo (18). Ang depinisyong ito ay napapaloob sa "1989 Convention on the Rights of the Child" at "ILO Convention 182 on the Worst Forms of Child Labour (1999)." Ito rin ang nakasaad sa "1992 Republic Act 7610 (Special Protection of Chidren Against Child Abuse, Exploitation and Discrimination Act)" na inamyendahan nuong 2003 sa pamamagitan ng "RA 9231 (An Act Providing for the Elimination of the worst Forms of Child Labor and Affording Stronger Protection for the Working Child)." Nakasaad din sa "1997 UNESCO International Standard Classification of Education" na ang kaugalian o legal na edad ng pagpasok sa " primary schooling" ay hindi mas bata sa limang taon. Sa pagsasaalang-alang sa mga internasyonal na pananaw at lokal na batas, ang "statistical inquiries" o mga estadistika na kinakalap patungkol sa mga bata ay naka-tuon sa mga kabataang nasa 5-17 taong gulang.

Ang mga nabanggit na batas at "ILO Conventions;" at ang usapin ng "child labor" ay malaking hamon maging sa loob ng bansa at sa internasyunal na komunidad kaya lalong pinatatatag ng maraming samahan ang "anti-child labor advocacy."

Kaugnay nito, ayun sa ILO, hindi lahat ng mga gawain ng bata ay dapat alisin o ipagbawal kung ito naman ay kapaki-pakinabang at hindi makaaapekto sa kanilang kalusugan at hindi mahahadlangan ang personal na pag-unlad. Ito ay itinakda sa ILO Convention No. 138 Article 7, na ang mga bata sa mga partikular na pangkat ng edad ay pinahihintulutan na makilahok sa mga trabahong magaan o "light work."

Sa Pilipinas, ang pagtratrabaho ng isang bata sa "formal" na sektor gaya ng industriya ng "entertainment" ay pinapayagan, ngunit dapat na may kasunduan sa pagitan ng "employer" at ng magulang o tumatayong magulang ng bata upang matiyak ang kanyang proteksyon.

Gayunman, walang estadistika na patungkol sa "child labor," ito ay nakapaloob sa estadistika ng "working children."

Ang estadistika ng "working children" na tinatalakay sa EasyStat na ito ay base sa resulta ng Labor Force Survey (LFS) ng Philippine Statistics Authority (PSA).

Ano ba o sino nga ba ang tinatawag na "working children?"

Ang "Working Children" ay isang malawak na konsepto na sumasaklaw sa prodaktibong gawain ng mga bata o kabataan na nasa 5-17 taong gulang. Mga prodaktibong gawaing may bayad o wala; nagtratrabaho ng full-time o kahit konting oras lamang; "casual" o pirmihang trabaho sa "formal" o "informal" na sektor; ito man ay mga gawaing legal o illegal. Sila man ay nagtratrabaho sa pribado o pampublikong establisimyento, meron man o walang direktang pahintulot ng mga magulang. Ang mga kabataang ito ay naghahanapbuhay sa pagnanais na makatulong sa pangangailangang pinansiyal ng kanilang pamilya, o kaya naman ay upang matustusan ang kanilang pag-aaral o mga personal o pansariling pangangailangan bilang bata.

Paano masusukat ang Economic Activity Rate (EAR) ng kabataan?

$$\text{Economic Activity Rate (EAR)} = \frac{WC}{n} \times 100$$

WC = bilang ng "working children" na nasa 5-17 taong gulang

n = kabuuang bilang ng mga kabataang nasa edad na 5-17 taong gulang

$$\text{Economic Activity Rate (EAR) Base sa Kasarian} = \frac{WC1}{n1} \times 100$$

WC1 = bilang ng working children na lalaki o babae na nasa 5-17 taong gulang

n1 = kabuuang populasyon ng kabataan na lalaki o babae na nasa edad 5-17 taong gulang

Mga paglalarawan kung saan matatagpuan ang "working children"

Sa mga lalawigan na may mga taniman ng palay, gulay at iba pa, ang mga kabataan ay karaniwang tumutulong sa gawaing bukid. Makikita rin silang namumulot at nagtitipon ng mga nalalaglag na palay o anomang produkto kagaya ng kape na kanilang ibebenta upang makatulong sa gastusin ng pamilya.

Sa mga lugar na malapit sa karagatan, pangkaraniwang hanapbuhay ng mga bata ang pagtulong sa pangingisda, ang pagsisid sa kailaliman ng dagat upang kumuha ng mga "corals" at iba pang mga uri ng yaman dagat, o kaya naman ang pag-ani o pag-harvest ng laman-dagat katulad ng talaba, tahong at iba pa.

Namamasukan bilang kasambahay.

Sa mga pamilihang bayan, mapapansin na karamihan sa mga tindera ay mukhang mga "nene" pa o nasa edad kinse pa lamang.

Sa araw-araw na pagbubukas ng telebisyon, panonood sa mga sinehan o entablado, kapansin-pansin na higit na kinatutuwaan ang isang palabas kapag may mga bata o kabataang artista na umaarte o umaawit o kaya naman ay may kakaibang kakayahan o talento.